## PTA leaflet

# Ota PTA

## Matanda at bata tayo ay magsaya!

## Para sa lahat ng mga Magulang/Guardians

## Congratulations for your child's admission to school!

Ang pananatili ng mga bata sa elementarya ng anim na taon ay hindi lamang habang lumalaki kundi para na rin sa pag-mature ng mga magulang/guardian bilang tagapag-alaga. Subukang lumahok sa PTA activities upang makahalubilo sa kasayahan ng mga kasama at para maibsan ang pag-aalala sa pagpapalaki ng bata.
Mensahe mula sa Chairman ng Ota City Elementary School PTA Council

Kapag ang mga mag-aaral ay tumuntong na sa junior high school, iba't ibang alalahanin ang haharapin. Isa sa mga layunin ng PTA ay ang pagkakataon ng mga magulang na magpalitan ng impormasyon sa isa't isa tungkol sa kung paano haharapin ang adolescent children, high school entrance exams, at iba pa.
Mensahe mula sa Chairman ng Ota City Elementary School PTA Council

# Ano ang PTA?

### Tungkol sa PTA

**P**arent
**T**eacher
**A**ssociation

Ito ay ang connection ng mga magulang at mga guro!

### Layunin

Ang activities ng PTA ay para masuportahan ang malusog na paglaki ng mga batang pumapasok sa paaralan!

### Operation Method

Ang mga partikular na aktibidad ay nag-iiba ayon sa paaralan. Ang operasyon ng organisasyon ay batay sa itinutukoy na tuntunin at mga bayarin sa pagiging miyembro na nakolekta mula sa mga magulang.

### Membership

Ito ay isang boluntaryong organisasyon na binubuo ng lahat ng mga magulang at guro na sumasang-ayon sa aming layunin. Welcome palagi ang pagsali!

**Paturo po, mga eksperiensyadong magulang!**

Nag-aalala ako baka hindi ako makasali dahil sa trabaho?

Kahit ang mga nagtatrabahong magulang ay maaaring sumali! Ang PTA ng bawat paaralan ay nagsisikap na ayusin ang mga operasyon ng organisasyon upang ang lahat ay makasali. Magtulungan tayo upang lumikha ng isang kapaligiran na angkop para sa lahat!

Basang-basa pareho ang mga bata at adults sa schoolyard!







Patuloy na subukan hanggang sa huli at huwag susuko !




Mag-ingat sa pagpunta!




Masarap ang pakiramdam simula umaga!

# Mga aktibidad na kadalasang ginagawa ng PTA

Ilan sa mga halimbawang aktibidad ng Ota Ward's Elementary at Junior High School PTAs.

Excited ang mga bata




Ang magulang at anak ay magkasamang natutunan ang tungkol sa internet literacy.

Public relations activities/Creating




Nakakaantig tingnan ang pagsusumikap ng mga bata.







Ang mga magulang ay naging mga magkakaibigan.

Sabihin ang "Magandang umaga!" nang may sigasig. Gagawin ko din ang best ko ngayon!




Nagpaplano ng mga memorable moments para sa mga bata.




Kapag nagdaraos ng event ang PTA, maraming bata ang sumasali. Kapag nakikitang interesado at masayang naglalaro ang mga bata, nakakaramdam ng tagumpay at sulit na nagawa ito! Wala nang mas nagpapasaya pa kaysa marinig ang mga bata na nagsasabing "Salamat"!

Mas madalas akong napapabisita sa paaralan dahil sa mga aktibidad ng PTA, kaya nakilala na ako ng mga guro at mas madali ko silang nakakausap. Naunawaan ko na ang kasalukuyang kalagayan ng paaralan at ang hirap ng trabaho ng mga guro, at gusto kong tumulong sa anumang paraan na magagawa ko bilang isang magulang.

Narinig ko na mahirap maging miyembro ng graduation committee (na namamahala sa paghahanda para sa seremonya ng pagtatapos), ngunit nang subukan ko ito, nagging kapaki-pakinabang para sa akin ang nangyari. Naihatid ko ang aming taos-pusong damdamin sa mga bata at tunay na naramdaman ang kanilang paglaki. Ito ay isang mahusay na karanasan na nagpapahintulot sa akin na maantig sa seremonya ng pagtatapos!

Akala ko hassle ang pagpunta-punta ko sa school kapag weekdays, pero nakakatuwang makita ang anak ko sa school na iba sa bahay. Naiintindihan ko na ngayon kung ano ang kalagayan ng aking anak sa paaralan, at marami na kaming napapag-usapan sa bahay!

Noong lumipat ako dito ay wala akong kakilala, ngunit sa pamamagitan ng mga aktibidad ng PTA ay nakipagkaibigan ako at nakahanap ng mga taong mapag-uusapan tungkol sa aking mga alalahanin at problema. Hindi ko inaasahan na makakagawa ako ng napakaraming bagong koneksyon bilang isang adult!

Isang araw, nag-alala ako dahil late na umuwi ang anak ko. Noong panahong iyon, itinawag ng isang magulang na isa ring PTA officer na Nakita ang aking anak na naglalaro sa parke, na ikinagaan ng pakiramdam ko. Nakakapanatag na magkaroon ng mga kakilala sa komunidad na maaaring bantayan ang iyong anak.

## Ano nga ba Talaga ang PTA?

**Ano ang pinakamagandang bagay tungkol sa pagsali sa mga aktibidad ng PTA? Mga bagay na naibahagi ng mga magulang!**

Dahil ang buhay ko ay umiikot sa trabaho, nag-alinlangan akong magboluntaryo. Ngunit nang talagang sinubukan ko ito, natutunan ko ang mas mahahalagang bagay kaysa sa trabaho lamang, at nakatulong din ito sa akin na mapabuti ang aking mga personal na kasanayan! Ngayon ay sinimulan kong ipalaganap ang tungkol sa mga benepisyo ng PTA at ang kahalagahan ng pagboboluntaryo sa mga kasama sa trabaho!

タガログ語版